# Kabanata 6:
# ANG PAGTANGGAP

"ANONG NANGYARI?" TANONG ni Iska. Natagalan bago makapasok sina Iska sa loob dahil ang apat na kapamilya ay naging matanda. Si Mommy Jo, Tiya Oyang, at Tita Ela ay nagwangis matatanda. Mas mukha pa silang matanda kay Lola Da.

Gamit ang mahinang mga binti, lumakad si Tita Ela paupo sa kanilang upuan sa kusina. Kulang na lang maging taong buto na ito dahil sa itsura nito. Lubog ang mga pisngi nito. Hirap siyang makakita. Naglagas din ang buhok niya at iilang puting buhok na lang ang natira. Kulubot din ang balat nito at laylay na ang balat sa braso. Hapong-hapo ito at tila nawawalan na ng hininga. Hirap na hirap ito na isang ihip na lang ay katapusan na. Nawala ang sigla ni Tita Ela. Pinatanda siya ng tatlong ulit.

Pareho sila ni Tiya Oyang. Hindi rin ito makakilos dahil unti-unting nanlalabo ang paningin. Gaya ni Tita Ela, tatlong ulit itong tumanda. Lumubog ang mga pisngi nito. Umimpis ang buhok. Bagsak na rin ang balat nito. Malalim ang hinihinga ni Tiya Oyang bago makakilos. Hapong-hapo ito na tila wala nang bukas.

Tiningnan ni Iska si Mommy Jo. Tumanda rin ito. Kagaya ng dalawang kapatid, lumubog ang mga pisngi nito. Nawala rin ang lakas ng katawan nito. Payat na payat din ang mga braso at binti. Halos magdikit na rin ang dibdib at likod nito sa sobrang hina. Bagamat nanghihina, pilit na inalalayan ni Mommy Jo si Lola Da papuntang kuwarto nito.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 77 11/20/2024 8:06:45 AM

Natataranta si Iska. Hindi niya alam ang gagawin. Panay ang lakad niya paroon at parito sa kusina upang kumuha ng tubig subalit walang magawa ang tubig sa sitwasyon na nasa harap niya.

“Francesca,” mahinang tawag ni Mommy Jo. Pinalapit ni Mommy Jo si Iska sa kaniya. “Ang kuwintas mo, akin na,” mabagal na sabi nito. Buong lakas na inaabot ni Mommy Jo ang kuwintas na suot ni Iska.

Lumapit pa si Iska kay Mommy Jo. Nang mahawakan ni Mommy Jo ang kuwintas ni Iska, biglang nagliwanag ito. Nagliwanag ang araw, buwan, at bituin na siyang palawit nito. Napapikit si Iska sa nakasisilaw na liwanag.

Sa pagpikit niya, nagkaroon siya ng pagbabalik-tanaw sa nakaraan.

Nakita niya sina Mommy Jo, Tiya Oyang, at Tita Ela noong kabataan nila. Nakasuot sila ng kakaibang damit na kulay dilaw, asul, at pula. Nakikita ni Iska na lumulutang ang tatlo at nakikipaglaban sa isang nakakatakot na dambuhalang ahas. Nakalilipad ito. Napakaitim ng kaliskis. Halos lumuwa na ang mga mata. Napakalaki ng bunganga at matatalim ang pangil.

Para siyang nanood ng isang *animated film* na kung saan, nagsanib-puwersa ang tatlo upang talunin ang napakalaking ahas. Gamit ang kampana, buong lakas nilang naitaboy ang Bakunawa.

Pinatunog ni Tiya Oyang nang buong lakas ang kampana. Samantalang si Mommy Jo naman ay may nakasisilaw na liwanag na nagmumula sa kamay nito. Si Tiya Ela naman ay nasa likod ng ahas habang ibinabaon ang isang mahabang matulis na kawayan sa mga mata ng Bakunawa. Sa pangitain kay Iska, natalo ng magkakapatid ang Bakunawa.

Nang maglaho ang Bakunawa, agad nagbalik sa kasalukuyan si Iska. Ipinakita lang ni Mommy Jo sa kaniya ang isang eksena na akala ni Iska ay isang kuwento lamang at malayo sa katotohanan. Ngayon, isa-isa niyang napagtatagpi-tagpi ang mga pangyayari pagkatapos ng kaarawan niya.

“Anong nangyari? Anong nakita ko?” tanong ni Iska. Sa pagkakaunawa ni Iska sa nakita, higit pa sa nuno ang makikita niya sa mga susunod pang araw.

“Nanghihina kami dahil nawawala ang kampana. Ang kampana ang siyang puso ng Hiwaga o ng ating mundo. Patuloy kaming tatanda kapag hindi nakita ang mahiwagang kampana na ito,” paliwanag ni Mommy Jo. Naalala ni Iska ang kampana. Ito ang nabalita sa TV.

Hirap na hirap si Lola Da magsalita subalit sinusubukan niya pa rin. “Ikaw ay anak ni Bathala.”

"Ano pong ibig ninyong sabihin?" tanong pa niya sa mga magulang.

Huminga muli nang malalim si Lola Da bago magsalita. "Ang kinikilala mong Mommy Jo, Tiya Oyang, at Tita Ela ay ang mga nakatatanda mong kapatid, Iska. Sila rin ay anak ni Bathala gaya mo. Si Mommy Jo si Hanan, si Tiya Oyang si Mayari, at si Tita Ela mo naman si Tala. Ikaw, Iska, ay natatangi dahil ikaw ang pang-apat na kapatid nila."

Nabigla si Iska sa nangyari. Ang lahat ng alam niya mula pagkabata—lahat ito, hindi totoo? Hindi niya nanay si Mommy Jo. At lalong hindi niya tiyahin ang dalawang kapatid nito. Siya ang bunso nitong kapatid? At kay Bathala? Paanong nangyari ang lahat.

Nagsalita si Mommy Jo. "Pero Iska, 'wag mong isiping iba ka sa amin. Isa ka sa amin. Kung nanay man ang tingin mo sa akin, at tiyahin sa dalawa ko pang kapatid, hindi ito mahalaga. Isa pa rin tayong pamilya na tagapagtanggol ng Hiwaga."

"At ano po ang Hiwaga?" tanong ni Iska.

"Ito ang mundong tinitirahan ng mga mortal. Tayong mga diwata ang mga tagapagtanggol nito mula sa mga kakaibang nilalang sa Huklob."

"Ano po ang koneksiyon natin sa kampana?"

"Mahalaga ang kampana sa ating mundo. Kapag hindi agad ito nahanap, tiyak na maglalabasan ang masasamang nilalang, lalong-lalo na ang Bakunawa. Ito na rin ang huling pagkakataon upang makain niya ang buwan. Kapag nawala ang buwan, tuluyan nang magdidilim sa Hiwaga o sa mundong ating ginagalawan." Bagamat nahihirapan, sinikap pa rin ipaliwanag ni Lola Da ang lahat. "Upang hindi ito mangyari, kailangan mong mahanap ang kampana."

"Paano ko naman po gagawin iyon?" tanong ni Iska. "Hindi ko pa alam ang dapat gawin," sagot pa nito. Nananatili pa ring nasa ilalim ng sumbrero si Kiko na tila nagpipigil ng reaksiyon at ng mga sasabihin.

"Simulan mo sa pagpunta sa bakuran sa likod ng bahay," sagot ni Mommy Jo.

Muling huminga nang malalim ang ina. "Ang lakas ng mga diwata sa Hiwaga ay nanggagaling sa kampana. Kung wala ito, patuloy kaming manghihina. Ikaw lang ang hindi nanghihina sa pagkawala nito dahil taglay mo ang pinagsamang kapangyarihan namin—ang hiwaga ng araw, buwan, at bituin. Kaya naman Iska, hanapin mo ang kampana upang mapigilan ang Bakunawa."

Nagpaalam na ang apat na magpapahinga na dahil hapong-hapo na sila sa pagpapaliwanag.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 79 11/20/2024 8:06:45 AM

Lumabas si Kiko sa sumbrero niya at nagsabi, "*Bestie*, nasa malalim lang silang pagtulog at pagtanda. Hangga't hindi mo nahahanap ang kampana, tatanda pa sila ng tatanda at hindi magkakamalay." Paano ba nakukuha ni Kiko na magbiro sa ganitong sitwasyon?

Iniayos ni Iska ang pagkakahiga ni Mommy Jo at Lola Da sa kuwarto nila. Nangako si Iska. "Babalik ako. Hahanap ako ang paraan para lumakas kayo," pagkasabi niyon, dumiretso si Iska sa likod ng bahay nila. Sa puso't isip ni Iska, walang magbabago sa pagtingin niya sa kaniyang pamilya.

SA PAGHAWAK ni Iska sa troso ng puno ng tipolo, napunta siya sa isang panibagong lugar. Akala niya sa mga pelikula lang at aklat nangyayari ang ganito. Totoo pala ito sa buhay nila. Nagulat rin siya dahil noong hinawakan niya ang puno at nag-isip ng masasayang bagay, pagdilat niya, nakarating siya sa isang paraiso.

*Parang Paraiso,* isip ni Iska. Napaliligiran siya ng mahalimuyak na mga bulaklak sa paligid. Amoy matamis ito na parang tsokolate na masarap inumin sa mga araw na malakas ang ulan at malamig ang panahon.

Pinalakad ng hangin na ito ang mga paa niya patungo sa isang sapa. Mula sa pinagkabagsakan niya, dumiretso siya sa hilaga. Diretso lang siyang naglakad na tila kabisado ng mga paa niya ang lugar na iyon.

Sa dulo ng paglalakad ay nakakita siya ng bahaghari. Malawak ang bahaghari. Ito ang bahaghari na nakikita matapos ang isang malakas na ulan. Subalit, hindi gaya sa bahaghari sa mundo, ang bahaghari dito ay kumikinang at kumikislap.

Sa tabi ng bahaghari ay isang talon na kung saan dumadaloy ang malinis na tubig. Sa linis ng tubig, kahit sino ay maaakit na lapitan iyon. Sa ilalim ng talon siya tinatawag ng hanging kanina pa siya pinakikilos.

Dito rin niya nakita ang isang babae. Mahaba ang buhok niya na umabot sa talampakan nito. Nakasuot ito ng bestida na dilaw. Nakasuot din ito ng itim na tsinelas. May bitbit itong basket na may lamang saging na saba, kamoteng kahoy, sitaw, at mga hilaw na mangga. Inisip ni Iska na baka isang nanay ang babae sa harap niya dahil sa bihis at dala nito.

Tiningnan si Iska ng babae. Ngumiti ito at sa pagngiti niya, naalala ni Iska kung paanong dumampi sa balat niya ang init na nagmumula sa sinag ng araw sa kanilang bahay. Ang pagngiti ng dalaga sa harap niya ay nagbigay sa kaniya ng ilang alaala kung paano siyang nakikipaglaro kay Kiko sa lugar na ito, ang Hiraya.

Binulungan niya si Kiko. "Sino siya?"



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 80 11/20/2024 8:06:45 AM

"Siya si Anagolay. Sa kaniya humihingi ng tulong ang mga nawawalan ng bagay. May humingi na rin ng tulong sa kaniya tungkol sa mga nawawalang tao." Mahaba ang paliwanag ni Kiko subalit hindi siya nagpaawat magpaliwanag. "Kapag nawala ka sa sarili, puwede ka rin pahanap sa kaniya," pagbibiro nito.

"Saan ko makikita ang kampana?"

Lumakad si Anagolay papunta sa isang talon sa Hiraya. Sumunod naman si Iska. Sa mga tubig, lumabas ang itsura ng isang matandang babae ang kumuha ng kampana mula sa pagkakakabit nito sa kampanaryo. Nakasuot ito ng itim na mahabang bestida sakay ng isang itim na napakalaking ibon na may maninipis na pakpak na hindi ganoon kalusog. May itim na usok sa paligid nito at bigla na lang nawala. Naalala na naman niya si Ai-Ai Delas Alas. Alam niyang ito ang matandang galing sa *school* nila. Nagulat si Iska dahil pamilyar sa kaniya ang mukhang iyon.

"Siya 'yong gumawa ng toga namin, Kiko," sabi ni Iska.

Tumango si Kiko. "Iska, siya si Hukluban. Kaya niyang magpanggap na tao at maging nakakatakot na nilalang. Siya ang lider ng mga nilalang sa Huklob," paliwanag ni Kiko.

"Hindi kaya nagpanggap siyang tao bago ang *graduation* para nakawin ang kampana?" tanong ni Iska.

Tumango muli si Kiko. "Pwedeng mangyari 'yon. Pwede ring kaya siya lumapit sa inyo bilang tao ay para alamin kung paano makukuha ang kampana."

Nagpatuloy sila sa panonood sa bumabagsak na tubig mula sa talon. Ang susunod na eksena sa tubig ay ang paglitaw ng matandang nakasuot na itim na bestida papasok sa isang maliit pang talon. Muli, isang maitim na usok ang lumabas.

"Teka. Sa Hinulugang Taktak siya pumasok!" sabi ni Iska. "Paanong matatago niya ang kampana doon?" Sunod-sunod ang tanong ni Iska kay Kiko. Hindi nagtagal, nawala ang itsura ng matandang babaeng kumuha ng kampana sa talon.

"Saktong kaarawan mo ninakaw ni Hukluban ang kampana, Iska. Alam niyang abala ang mga tagapagtanggol upang protektahan ito." Ito na lang ang nasabi ni Kiko kay Iska.

Habang nag-uusap sila, may dumating na isang matikas na binata. Uminit pagdating nito. Pinagpawisan si Iska. Tumulo naman agad ang pawis mula sa noo ni Kiko pababa ng balikat ni Iska.

"Si Apolaki," bulong ni Kiko. "Ang diyos ng digmaan at ng araw."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 81 11/20/2024 8:06:45 AM

Kahit sinong babae, mapapalingon kay Apolaki. Matipuno at matikas ang pangangatawan nito. Kapansin-pansin ang kahanga-hangang postura. Hanggang balikat naman ang buhok niya na itinali pataas. Ang kaniyang mga mata ay nagniningning na tila nagdadala ng pag-asa sa isang lugar na sinasalanta ng isang delubyo. May dating siya na para bang palagi siyang may kaaway o palagi siyang galit. Batay sa taas at tindig nito, alam ni Iska na ang nilalang sa kaniyang harapan ay hindi niya dapat banggain.

"Maligayang pagbabalik, Iska. Makinig ka sa iyong misyon."

"M-Misyon? Ako? Anong misyon?"



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 82 11/20/2024 8:06:45 AM